IJAMS INTERNATIONAL JOURNAL OF ADVANCED MULTIDISCIPLINARY STUDIES
Volume V, Issue 1 January 2025, eISSN: 2799-0664

# Dokumentasyon At Ebalwasyon Sa Rebaytalisasyon Ng Wikang Butuanon Sa Lungsod Ng Butuan

**ROLYN M. YANDUG**
PhD Student
Mindanao State University - Iligan Institute of Technology

**DR. MARIE JOY D. BANAWA**
Adviser

*Abstrak* — Ang wikang Butuanon ay bahagi ng mayamang kultura at kasaysayan ng Lungsod ng Butuan, ngunit sa paglipas ng panahon ay unti-unti itong naglalaho sa pang-araw-araw na gamit. Sa harap ng hamong ito, isinagawa ang pag-aaral na Dokumentasyon at Ebalwasyon sa Rebaytalisasyon ng Wikang Butuanon sa Lungsod ng Butuan upang suriin ang mga kasalukuyang inisyatiba sa pagpapanumbalik-sigla ng wika. Ginamit ang Results-Based Management (RBM) bilang balangkas upang maunawaan kung paano nakatulong ang iba't ibang sektor at lokal na aktor ng wika—pamahalaan, akademya, midya, at komunidad—sa muling pagpapalakas ng Butuanon, at upang masukat ang epekto ng kanilang mga programa.
Sa pamamagitan ng panayam at focus group discussions (FGD) sa mga guro, lingguwista, lokal na opisyal, at miyembro ng komunidad, sinuri ang mahahalagang hakbang sa rebaytalisasyon: ang pagbubuo ng opisyal na ortograpiya, ang pagsasanay ng mga guro, ang integrasyon ng Butuanon sa ilang paaralan, at ang paggamit ng midya bilang lunsaran ng adbokasiya sa wika. Natukoy na ang mga programang ito ay nagbigay-daan sa muling pagpapahalaga sa Butuanon, lalo na sa edukasyon at pangkalahatang kamalayang pangwika. Sa kabila nito, nananatiling hamon ang limitadong pondo, kakulangan sa pagsasanay ng guro, at ang patuloy na paglilipat-wika patungo sa Cebuano. Ang hindi pa ganap na koordinasyon sa pagitan ng mga stakeholder at ang pagdepende sa ilang pangunahing institusyon tulad ng LGU ay ilan din sa mga balakid sa mas matibay na pagpapatuloy ng mga programa.
Sa huli, ipinapakita ng pananaliksik na hindi sapat ang pagsisikap ng iilang sektor upang mapanatili ang wikang Butuanon—kailangan ang patuloy at mas malawak na pakikilahok ng buong komunidad. Ang rebaytalisasyon ng wika ay hindi lamang isang proyekto kung hindi ito ay isang pangmatagalang paglalakbay na nangangailangan ng matibay na polisiya, mas maraming pagsasanay para sa mga guro, at mas makabagong estratehiya sa paggamit ng teknolohiya at midya. Sa ganitong paraan, ang Butuanon ay hindi lamang magiging bahagi ng nakaraan kundi isang buhay na wikang patuloy na ipagmamalaki at gagamitin ng mga susunod na henerasyon.
Ang pananaliksik na ito ay mahalagang kontribusyon sa larang ng wika at kultura. Ipinapakita nito na ang rebaytalisasyon ng isang lokal na wika ay isang anyo ng pamumuhunang kultural, kung saan ang edukasyon, panitikan, at wika ay nagiging mahalagang puhunan sa pagpapalakas ng kultural na identidad at pagpapanatili ng di-nasasalat na yaman ng isang bayan. Sa pamamagitan ng mas pinagtibay na suporta sa edukasyon at midya, maaaring mapanatili at mapayaman ang Butuanon bilang isang buháy na wika—hindi lamang bilang isang alaala ng nakaraan kundi bilang isang aktibong bahagi ng hinaharap ng kulturang Pilipino.

***Mga Susing Salita — Rebaytalisasyon, Butuanon, Butuan, Dokumentasyon, Ebalwasyon***

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

## I. Introduksyon

*"With the death and disappearance of a language, an irreplaceable unit in our knowledge and understanding of human thought and worldview is lost forever." (UNESCO, 2001)*

Ang wikang Butuanon ay isang mahalagang bahagi ng kultural na pamana ng Butuan ngunit itinuturing nang "endangered" (Ethnologue, 2024) dahil sa bumababang bilang ng mga tagapagsalita, lalo na sa kabataan. Ang urbanisasyon, globalisasyon, at pagbabago sa kaugalian ng komunidad ay ilan sa mga salik na nagdudulot ng paglaho nito. Kapag nawala ang isang wika, nawawala rin ang natatanging pananaw at tradisyon ng isang kultura (Hinton, et al., 2019).

Upang mapigilan ito, mahalaga ang sistematikong dokumentasyon at ebalwasyon ng mga hakbang sa rebaytalisasyon. Ayon kina Grenoble at Whaley (2021), kailangang suriin ang bisa ng mga inisyatiba upang mapanatili at mapalaganap ang wika. Ang "language shift," kung saan mas pinipiling gamitin ang Cebuano o Filipino, ay isa sa mga pangunahing dahilan ng unti-unting pagkawala ng Butuanon (Simons & Fennig, 2023). Ayon sa Endangered Languages Project (2022), ang rebaytalisasyon ay dapat suportado ng komunidad upang maging epektibo, lalo na sa pamamagitan ng mga programang pang-edukasyon at digital na adbokasiya.

Bilang tugon, isinulong ng United Nations ang *International Decade of Indigenous Languages* (2022–2032) upang palakasin ang preserbasyon ng katutubong wika (UNESCO, 2022). Ang pananaliksik na ito ay isang lokal na hakbang na naglalayong itaas ang kamalayan sa kahalagahan ng wikang Butuanon at magbigay ng rekomendasyon para sa mas sustenableng pagpapalaganap nito.

### 1.1 Layunin ng Pag-aaral

Ang pananaliksik na ito ay isang kongkretong tugon sa hamon ng pangangalaga sa katutubong wika, partikular sa wikang Butuanon. Layunin nitong magsagawa ng sistematikong dokumentasyon at ebalwasyon upang masuri ang mga programa at inisyatiba sa rebaytalisasyon. Tinutukoy ng pag-aaral ang mga salik, aktibidad, at estratehiya na isinagawa upang pasiglahin ang paggamit ng Butuanon.

Sa pamamagitan ng ebalwasyon, masusukat ang epekto ng mga output sa mga benepisyaryo at matutukoy ang pangmatagalang pagbabago na dulot ng mga programa. Mula rito, mabibigyang-linaw ang mga naging tagumpay at hamon ng mga inisyatiba. Ang pananaliksik ay naglalayong makabuo ng mas epektibo at sustenableng proyekto na makatutulong sa patuloy na pagpapanatili at pagpapalaganap ng Butuanon bilang isang mahalagang bahagi ng identidad ng komunidad ng Butuan.

## II. Metodolohiya

Gamit ang deskriptib-ebalwatib na disenyo, sistematikong sinuri ng pananaliksik na ito ang mga inisyatiba sa rebaytalisasyon ng wikang Butuanon. Layunin nitong maitala at maunawaan ang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

mga programang pangwika, estratehiya, at salik na nakaapekto sa pagpapanatili ng wika, habang ang ebalwatibong aspeto ay nakatuon sa pagsusuri ng bisa at epekto ng mga programang ito gamit ang Results-Based Management (RBM) framework.

Isinagawa ang pananaliksik sa Lungsod ng Butuan, kung saan unti-unting bumaba ang paggamit ng Butuanon dahil sa urbanisasyon at modernisasyon. Upang masuri ang kasalukuyang hakbang sa rebaytalisasyon, ginamit ang pakikipanayam, pangkatang talakayan, at pagsusuri ng dokumento. Napili ang mga impormante batay sa kanilang papel sa rebaytalisasyon—mula sa mga opisyal ng pamahalaan, eksperto sa wika, tagapagtaguyod ng kultura, hanggang sa mga tagapagsalita ng Butuanon.

Sa pagsusuri ng datos, ginamit ang tematikong pagsusuri upang tukuyin ang mga pattern sa mga natuklasang impormasyon. Pinag-aralan ang output, outcome, at impact ng mga inisyatiba upang matukoy ang mga epektibong estratehiya at mga aspeto na nangangailangan pa ng pagpapabuti.

Ang pananaliksik ay nagbigay ng malalim na pag-unawa sa epekto ng mga hakbang sa rebaytalisasyon ng Butuanon. Natukoy nito ang mga tagumpay at hamon sa pagpapanatili ng wika at nagbigay ng mahahalagang rekomendasyon para sa mas epektibo at sustenableng pagpapatupad ng mga programa sa hinaharap.

## III. Resulta At Analisis Ng Mga Datos

### 3.1 Ang mga Tema at Sub-tema ng mga Mapagkukunan, Salik at Elemento Para sa Rebaytalisasyon ng Wikang Butuanon

Ang matagumpay na rebaytalisasyon ng isang wikang nanganganib tulad ng wikang Butuanon ay hindi maaaring isakatuparan nang walang malalim na pag-unawa sa mga elemento, salik, at mapagkukunan na bumubuo sa mga programa at inisyatibang pangwika. Sa pamamagitan ng tematikong pagsusuri nina Braun at Clarke (2006), naging posible ang pagbuo ng mga temang naglalaman ng mahahalagang aspeto na nakatulong sa pagpaplano, implementasyon, at pagsusuri ng mga inisyatibang ito.

Ilalahad sa Talahanayan 1 ang mga tema at sub-tema ng mga mapagkukunan, salik, at elemento para sa rebaytalisasyon ng wikang Butuanon. Ang mga elementong ito ay nakapangkat sa apat na pangunahing tema na sumasalamin sa koordinasyon ng iba't ibang sektor, tulad ng pamahalaan, komunidad, edukasyon, at midya. Ang lohikal na ugnayan ng mga temang ito ay nagbibigay ng malinaw na balangkas upang maisakatuparan ang mga layunin ng rebaytalisasyon. Ang bawat tema ay may mga *sub*-tema o pansuportang tema na nagpapalalim ng kontribusyon ng bawat sektor sa programa.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

**Talahanayan 1**

*Ang mga Tema at Sub-tema ng mga Mapagkukunan, Salik, at Elemento Para sa Rebaytalisasyon ng Wikang Butuanon*

| KONSEPTO NG RBM | PANGUNAHING TEMA | SUB-TEMA |
|---|---|---|
| ***INPUT* (MAPAGKUKUNAN, SALIK, AT ELEMENTO PARA SA REBAYTALISASYON NG WIKANG BUTUANON)** | Estratehikong Pagtutulungan ng Pamahalaan at Mga Institusyon | Suporta ng Lokal na Pamahalaan (LGU) |
| | | Teknikal na Suporta ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) |
| | Katuwang na Suporta mula sa mga Organisasyon at Komunidad | Mga Inisyatiba ng *SOLFED-Butuan Chapter* |
| | | Tunguhin ng *Butuan Global Forum, Inc.* |
| | | Pakikipagtulungan ng Lokal na Komunidad |
| | Suporta ng Sektor ng Edukasyon at Paglinang ng Kaalaman | Gampanin ng Sektor ng Edukasyon |
| | | Partisipasyon ng mga Mag-aaral |
| | Tulong ng Komunikasyong Pang-madla | Adbokasiya ng *Magic FM – Butuan* |

Ang rebaytalisasyon ng wikang Butuanon ay isang komprehensibong proseso na nakasalalay sa iba't ibang input o mga mapagkukunan, salik, at elemento na ginamit sa pagpaplano at pagpapatupad ng mga programang pangwika. Batay sa dokumentasyon at pagsusuri ng datos, natukoy ang apat na pangunahing aspekto na naging pundasyon ng mga hakbangin sa muling pagpapasigla ng wika: (1) Estratehikong Pagtutulungan ng Pamahalaan at mga Institusyon, (2) Katuwang na Suporta mula sa mga Organisasyon at Komunidad, (3) Suporta ng Sektor ng Edukasyon at Paglinang ng Kaalaman, at (4) Tulong ng Komunikasyong Pangmadla.

Unang mahalagang salik sa rebaytalisasyon ng Butuanon ay ang estratehikong pagtutulungan sa pagitan ng pamahalaan at mga institusyon. Mahalaga ang papel ng lokal na pamahalaan ng Butuan (LGU) sa pagbibigay ng suporta, hindi lamang sa anyo ng pondo kundi maging sa pagbuo ng mga istrukturang kinakailangan para sa pormalisasyon ng wika. Isang konkretong halimbawa nito ang kanilang pagsuporta sa pagbubuo ng ortograpiya ng Butuanon, na nagbigay ng batayan para sa mas sistematikong paggamit ng wika sa edukasyon at iba pang larangan. Bukod dito, isinulong din ng LGU ang paggamit ng Butuanon sa pampublikong espasyo, gaya ng paglalagay ng mga signage sa wikang Butuanon at pagsuporta sa mga kultural na proyekto

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

tulad ng Bantayog Wika. Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) naman ay nagbigay ng teknikal na gabay sa mga inisyatiba, partikular sa pagbabalidasyon ng ortograpiya at pagbibigay ng pagsasanay para sa mga guro at tagapagsulong ng wika.

Kasabay ng suporta mula sa pamahalaan at mga institusyon, isang mahalagang aspekto rin ang aktibong partisipasyon ng mga organisasyon at lokal na komunidad. Nanguna ang SOLFED – Butuan Chapter sa pagbuo ng mga instructional materials tulad ng Butuanon Grammar Syllabus at sa pagsasagawa ng language immersion programs upang maisulong ang paggamit ng wika sa mas malawak na antas. Katuwang naman nito ang Butuan Global Forum, Inc., na nagbigay ng pondo at nagsusulong ng digital advocacy upang mapalawak ang kamalayan sa Butuanon, lalo na sa mga kabataan. Isang natatanging kontribusyon rin ang pakikilahok ng Barangay Babag, kung saan hindi lamang nag-organisa ng mga aktibidad ang mga opisyal ng barangay kundi nagbigay rin sila ng tirahan para sa mga kalahok ng mga language camps. Ang lokal na komunidad ang nagsilbing pangunahing tagapagtaguyod ng wika sa kanilang pang-araw-araw na gamit at naging pangunahing daluyan ng intergenerational transmission ng Butuanon.

Bukod sa suporta ng pamahalaan at organisasyon, isang kritikal na elemento rin ng rebaytalisasyon ang papel ng sektor ng edukasyon sa pagpapalaganap ng kaalaman sa wika. Ang Department of Education (DepEd) – Butuan, Father Saturnino Urios University (FSUU), at Caraga State University (CSU) ay nanguna sa pagsasama ng Butuanon sa kurikulum sa pamamagitan ng paggawa ng lesson plans, learning modules, at pagsasanay sa mga guro. Ang mga guro ay sumailalim sa pagsasanay upang maisama ang Butuanon sa Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE), na naglalayong gawing pormal na bahagi ng edukasyon ang wika. Kasabay nito, aktibong lumahok ang mga mag-aaral sa iba't ibang inisyatiba sa rebaytalisasyon. Halimbawa, ang mga estudyante ng Philippine Science High School (PISAY) – Caraga ay nagsagawa ng pananaliksik at gumawa ng aklat sa Butuanon, isang konkretong hakbang tungo sa pagbibigay ng mas pormal na materyales para sa pag-aaral ng wika. Sa pamamagitan ng edukasyon, nagkaroon ng mas malalim na pundasyon upang maisalin ang Butuanon mula sa isang henerasyon patungo sa susunod.

Higit pa sa akademikong pagsasanay, ang komunikasyong pangmadla ay naging makapangyarihang kasangkapan sa pagpapalaganap ng Butuanon sa mas malawak na publiko. Ang istasyon ng radyo na Magic FM – Butuan ay naglunsad ng programang "Suon Hano Na?", isang adbokasiya upang ipalaganap ang wika sa pamamagitan ng radyo at online streaming. Sa tulong ng social media, lalong lumawak ang abot ng wika, na mas nakaaabot sa mga kabataan at mga pamilyang gumagamit ng teknolohiya sa kanilang araw-araw na pamumuhay. Ang midya, ayon sa mga pag-aaral, ay isang mahalagang kasangkapan sa rebaytalisasyon ng wika, dahil ito ay may kakayahang gawing mas buhay at mas kilala ang isang wikang nanganganib.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

### 3.2 Ang mga Tema at Sub-tema ng mga Aktibidad at Estratehiya Para sa Pagpapasigla ng Wikang Butuanon

Ang pagtukoy at pagdodokumento ng mga aktibidad at estratehiya sa rebaytalisasyon ay mahalagang bahagi ng unang yugto ng pag-aaral na *dokumentasyon*. Sa pamamagitan ng sistematikong pagdodokumento, nagiging malinaw ang bawat aksyon, mula sa mga preparasyon hanggang sa mga aktuwal na pagsasanay at kampanya, na tumutulong upang masubaybayan ang progreso at maisaayos ang mga susunod na hakbang ng mga inisyatiba. Bukod dito, ang dokumentasyon ay nagiging batayan upang masuri ang epekto ng bawat aktibidad at matukoy kung alin sa mga hakbang ang pinakaepektibo sa pagpapalaganap ng wika at kung mayroon mang mga aspeto ng programa na nangangailangan ng pagbabago o pagpapabuti.

Upang matukoy ang mga tema ng *Mga Aktibidad at Estratehiya*, ginamit ang tematikong pagsusuri bilang pangunahing metodo sa pagbuo ng mga pangunahing tema at sub-tema ng mga aktibidad sa rebaytalisasyon ng wikang Butuanon. Gamit ang balangkas ng RBM, natukoy ang mga aktibidad na may malaking ambag sa pagpapasigla ng wikang Butuanon. Makikita sa Talahanayan 2 ang mga pangunahing tema at sub-tema ng *Mga Aktibidad at Estratehiya* na nabuo mula sa isinagawang tematikong pagsusuri.

**Talahanayan 2**

*Ang mga Tema at Sub-tema ng mga Aktibidad at Estratehiya Para sa Pagpapasigla ng Wikang Butuanon*

| KONSEPTO NG RBM | PANGUNAHING TEMA | SUB-TEMA |
|---|---|---|
| ***ACTIVITIES* (MGA AKTIBIDAD AT ESTRATEHIYA PARA SA PAGPAPASIGLA NG WIKANG BUTUANON)** | Suporta at Pakikipagtulungan ng Komunidad, Lokal na Pamahalaan at mga Institusyon | Pagtatampok ng Wikang Butuanon sa Programa sa Radyo at *Social Media* |
| | | Pagbuo ng Ortograpiya ng Wikang Butuanon |
| | | Pakikipagtulungan ng Akademya |
| | Edukasyon at Pagsasanay Para sa Pagpapanatili ng Wika | Pagsasama ng Butuanon sa Kurikulum |
| | | Pagbuo ng *Butuanon Grammar Syllabus* |
| | | Pagtuturo ng Wikang Butuanon sa Paaralan |
| | | Pagsasanay ng mga Guro at Manunulat |
| | | Pagsasagawa ng Worksyap para sa Ortograpiya ng Butuanon |
| | Pagpapalaganap ng Kamalayan sa Wika at Kultura | Pagpapakilala ng Wika sa Pampublikong Espasyo |
| | Interaktibong Pagsasanay sa Wika | Programang *Immersion* at *Language Camp* |

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

| | | |
|---|---|---|
| | | Pagtatampok ng Wikang Butuanon sa mga Proyekto ng mga Estudyante (*PISAY Butuanon Book Project*) |
| | Dokumentasyon at Pagpapatuloy ng Pamanang Kultura | Paglikha ng mga Materyales at Pagsasalin |
| | | Pagbuo ng *Animated* na Kagamitan sa Pagbasa ng Wikang Butuanon |
| | | Pagsasalin ng mga Banghay-aralin sa Butuanon |
| | | Pagbuo ng *Lesson Exemplars* sa Araling Panlipunan |

Ang rebaytalisasyon ng wikang Butuanon ay isang kolektibong pagsisikap na nangangailangan ng maingat na pagpaplano at epektibong pagpapatupad ng mga aktibidad at estratehiya. Batay sa dokumentasyon ng mga isinagawang hakbang, natukoy ang ilang pangunahing estratehiya na ginamit upang maibalik at mapalakas ang paggamit ng wika sa komunidad. Ang mga aktibidad na ito ay maaaring uriin sa limang pangunahing kategorya: (1) Suporta at Pakikipagtulungan ng Komunidad, Lokal na Pamahalaan, at mga Institusyon, (2) Edukasyon at Pagsasanay para sa Pagpapanatili ng Wika, (3) Pagpapalaganap ng Kamalayan sa Wika at Kultura, (4) Interaktibong Pagsasanay sa Wika, at (5) Dokumentasyon at Pagpapatuloy ng Pamanang Kultural.

Unang mahalagang hakbang sa rebaytalisasyon ay ang pakikipagtulungan ng pamahalaan, institusyon, at lokal na komunidad upang maisakatuparan ang mga proyekto at programang pangwika. Ang lokal na pamahalaan ng Butuan ay nagbigay ng suporta sa pamamagitan ng pagpopondo sa rebaytalisasyon, partikular sa pagbuo ng ortograpiya ng Butuanon, na naging gabay sa estandardisasyon ng wika. Kasabay nito, nakipagtulungan ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pagsasanay ng mga tagapagsanay at guro upang tiyakin ang tamang paggamit ng Butuanon sa pormal na edukasyon. Bukod sa gobyerno, aktibong nakilahok ang mga organisasyong tulad ng SOLFED – Butuan Chapter at Butuan Global Forum, Inc., na nagtaguyod ng mga kultural na programa at digital advocacy para sa pagpapalaganap ng Butuanon sa social media at iba pang plataporma.

Isang mahalagang aspeto rin ng rebaytalisasyon ay ang pagpapatibay ng edukasyon at pagsasanay bilang kasangkapan sa pagpapasa ng wika sa susunod na henerasyon. Sa pamamagitan ng DepEd Butuan at Father Saturnino Urios University (FSUU), isinama ang Butuanon sa kurikulum sa pamamagitan ng pagbuo ng mga lesson exemplars para sa Araling Panlipunan, pagbibigay ng pagsasanay sa mga guro, at pagsasagawa ng worksyap sa ortograpiya. Ang pagsasanay ng mga guro at manunulat ay naging mahalagang hakbang upang matiyak ang epektibong pagtuturo ng Butuanon sa paaralan, na isang pundasyon sa intergenerational transmission ng wika.

Bukod sa pormal na edukasyon, mahalaga rin ang pagpapalaganap ng kamalayan sa wika at kultura sa pamamagitan ng iba't ibang estratehiya sa midya at pampublikong espasyo. Ang

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

programang "Suon Hano Na?" ng Magic FM – Butuan ay naging isang epektibong midya upang maabot ang mas malawak na tagapakinig at ipalaganap ang kahalagahan ng Butuanon sa pang-araw-araw na buhay. Sa mga paaralan, inilunsad ang Butuanon Corners, kung saan itinampok ang mga salitang Butuanon at kultural na impormasyon upang hikayatin ang mga mag-aaral na gamitin ang wika. Gayundin, ginamit ang social media bilang isang makabagong plataporma sa pagpapakilala ng mga salitang Butuanon sa mas maraming tao.

Sa pagpapanatili ng wika, hindi sapat ang simpleng pagtuturo—kailangan ding bigyan ng interaktibong pagsasanay ang mga kalahok upang mas maging natural ang paggamit ng Butuanon. Upang matugunan ito, isinagawa ang Butuanon Language Camp at immersion programs sa Barangay Babag, isang lugar kung saan aktibo pa rin ang paggamit ng wika. Ang immersion ay nagbigay ng pagkakataon sa mga estudyante at guro na makipag-ugnayan sa mga matatandang nagsasalita ng Butuanon, na tumulong sa praktikal na pagkatuto ng wika. Gayundin, inilunsad ang PISAY Butuanon Book Project, na naglalayong lumikha ng librong eksklusibong nakasulat sa Butuanon upang mapalawak ang kaalaman ng mga kabataan sa wika.

Panghuli, mahalaga rin ang dokumentasyon ng pamanang kultural upang mapanatili ang wika sa mas matagal na panahon. Isang makabagong hakbang dito ang Animated Reading Materials (ARM) Project ng DepEd Butuan, na gumamit ng digital animation upang gawing mas kaakit-akit ang pag-aaral ng Butuanon para sa mga kabataan. Bukod dito, isinagawa ang pagsasalin ng mga banghay-aralin sa Butuanon, na ginamit sa ilang pampublikong paaralan bilang bahagi ng kurikulum. Ang layunin ng mga gawaing ito ay hindi lamang itala ang kasaysayan ng wika kundi tiyakin din na ito ay patuloy na magiging bahagi ng pang-akademikong diskurso at pang-araw-araw na pamumuhay.

Sa kabuuan, ipinakita ng pagsusuri na ang rebaytalisasyon ng Butuanon ay isang sistematikong proseso na nangangailangan ng pagsasanib-pwersa mula sa iba't ibang sektor ng lipunan. Ang integrasyon ng mga aktibidad sa edukasyon, community engagement, mass communication, at digital innovation ay naging pundasyon upang mapanatili ang wika at tiyakin ang patuloy na paggamit nito sa mga susunod na henerasyon.

### 3.3 Ebalwasyon sa mga Resulta at Epekto ng mga *Input,* Aktibidad, at Estratehiya bilang Direktang Dulot ng mga Isinagawang Inisyatiba ng Rebaytalisasyon

Ang rebaytalisasyon ng wikang Butuanon ay isang komprehensibong hakbang na may layuning muling buhayin at palakasin ang paggamit ng wika sa loob ng komunidad. Ang pagsusuring ito, gamit ang balangkas ng Results-Based Management (RBM), ay nagpapakita ng mga agarang resulta (outputs) at mga mas malalalim na epekto (outcomes) ng mga aktibidad at estratehiya sa pagpapatupad ng mga programang pangwika. Mula sa mga datos, natukoy ang limang pangunahing larangan ng epekto: (1) Pagpapalakas ng Kamalayan sa Wika at Kultura, (2) Pagtuturo at Pagkatuto ng Butuanon, (3) Pagsasama ng Wika sa Pampublikong Larangan, (4)

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

Pagsasagawa ng Dokumentasyon at Pagsasaliksik, at (5) Hamon at Limitasyon ng Implementasyon ng mga Programa.

**3.3.1. Pagpapalakas ng Kamalayan sa Wika at Kultura**

Isa sa mga pinakamalaking epekto ng mga isinagawang inisyatiba ay ang muling pagbuhay ng interes at pagpapahalaga sa wikang Butuanon, lalo na sa hanay ng mga kabataan. Ang mga programang pangmidya, tulad ng "Suon Hano Na?" sa Magic FM, ay naging epektibong daluyan ng kaalaman tungkol sa wika at kultura. Sa pamamagitan ng regular na pagsasahimpapawid ng mga segment na may kaugnayan sa kasaysayan at gamit ng Butuanon, naging mas pamilyar ang mga tagapakinig sa kanilang katutubong wika. Bukod dito, ginamit din ang social media upang palakasin ang pagpapalaganap ng Butuanon, kung saan nakapagtala ng mataas na engagement mula sa mga kabataang Butuanon.

Sa larangan ng pampublikong kamalayan, ang paggamit ng Butuanon signage at plakard sa mga pampublikong lugar, paaralan, at opisina ay nagresulta sa mas mataas na visibility ng wika. Ang pagtatag ng Butuanon Corners sa mga paaralan ay nagbigay ng espasyo upang matutunan ng mga mag-aaral ang kanilang katutubong wika sa isang mas istrukturadong paraan. Bukod dito, isinagawa rin ang mga cultural awareness activities tulad ng storytelling events at mga seminar upang muling ipakilala ang kahalagahan ng Butuanon bilang bahagi ng identidad ng mga Butuanon.

Ang mga sumusunod ay ang natukoy na Epekto: Lumakas ang interes at pagpapahalaga ng kabataan sa Butuanon, na makikita sa kanilang aktibong pakikilahok sa mga programang pangwika; Naging mas pamilyar ang publiko sa Butuanon terminologies sa pamamagitan ng social media at pampublikong signage; at Nagkaroon ng mas malalim na kamalayan ang komunidad sa kasaysayan at kahalagahan ng Butuanon bilang isang wikang dapat ipreserba.

**3.3.2. Pagtuturo at Pagkatuto ng Butuanon**

Isang malaking hakbang sa rebaytalisasyon ng wika ay ang pagsasama ng Butuanon sa mga institusyong pang-edukasyon. Sa tulong ng DepEd Butuan, Father Saturnino Urios University (FSUU), at Caraga State University (CSU), nabuo ang mga lesson exemplars, modyul, at iba pang educational materials upang magamit ng mga guro sa pagtuturo ng Butuanon. Upang mapahusay ang kakayahan ng mga guro sa pagtuturo, isinagawa ang mga training sessions at workshops upang ipakita ang tamang paggamit ng Butuanon bilang wikang panturo.

Bukod sa pormal na edukasyon, isinagawa rin ang language immersion programs at language camps sa mga piling barangay upang mabigyan ng aktwal na exposure ang mga mag-aaral sa paggamit ng Butuanon sa totoong buhay. Sa pamamagitan ng mga programang ito, nagkaroon ng mas malalim na koneksyon ang mga kabataan sa wika, na siyang mahalaga sa intergenerational transmission. Gayunpaman, napansin ang ilang hamon sa implementasyon,

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

kabilang na ang limitadong bilang ng materyales sa pagtuturo, kakulangan ng sapat na pagsasanay sa mga guro, at hindi pa malawakang integrasyon ng Butuanon sa kurikulum.

Dulot nito ay mas lumawak ang paggamit ng Butuanon sa ilang paaralan, partikular sa asignaturang Araling Panlipunan. Nabuo ang mga lesson exemplars at digitized reading materials bilang gabay sa pagtuturo at pagkatuto ng wika at naging mas sistematiko ang pag-aaral ng Butuanon, bagama't limitado pa rin ang saklaw ng paggamit nito bilang opisyal na wikang panturo.

**3.3.3. Pagsasama ng Wika sa Pampublikong Larangan**

Ang paggamit ng Butuanon ay hindi lamang nakatuon sa paaralan kundi isinama rin sa pampublikong sektor. Sa pangunguna ng lokal na pamahalaan ng Butuan at Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), isinulong ang mga hakbang upang mapalaganap ang paggamit ng Butuanon sa mga opisyal na transaksyon, signage, at mga anunsyo ng gobyerno. Ang Bantayog Wika project ay naging isang makasaysayang hakbang na nagbigay ng pisikal na simbolo ng kahalagahan ng Butuanon. Samantala, ginamit din ang radyo at social media upang mapalawak ang saklaw ng adbokasiya sa mas maraming tao.

Dahil sa mga inisyatiba ay mas marami nang pampublikong signage at opisyal na dokumento ang gumagamit ng Butuanon at tumaas ang pampublikong suporta at pagkilala sa Butuanon bilang mahalagang bahagi ng kultura ng Butuan. At napapansin na mas aktibong ginagamit ang Butuanon sa social media at midya, na nagbigay ng modernong espasyo para sa paggamit ng wika.

**3.3.4. Pagsasagawa ng Dokumentasyon at Pagsasaliksik**

Ang sistematikong pagdodokumento ng wika at panitikan ay isa sa pinakamahalagang pundasyon ng rebaytalisasyon. Sa tulong ng mga lingguwista at eksperto sa wika, naisagawa ang pagsusulat ng opisyal na ortograpiya ng Butuanon upang magkaroon ng standardized spelling at grammar rules. Gayunpaman, napansin na hindi pa opisyal na nailalathala ang ortograpiya dahil sa ilang isyu sa pamantayan nito.

Bukod dito, isinagawa ang Mangyat Butuanon Project, na naglayong mangalap ng oral histories, kwento, at panitikan upang maisama sa mga reading materials. Dahil sa protektong ito ay naging mas organisado ang paggamit ng Butuanon sa pagsulat at akademikong konteksto at nadagdagan ang mga dokumentadong materyales na maaaring gamitin sa edukasyon at pananaliksik. Dagdag pa na mas naging sistematiko ang mga tunguhin ng preserbasyon para sa Butuanon panitikan at kasaysayan.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

### 3.3.5. Hamon at Limitasyon ng Implementasyon ng mga Programa

Sa kabila ng mga positibong resulta, may ilang hamon at limitasyon ang mga programa, kabilang ang sumusunod:

a. Kakulangan ng sapat na pondo at suporta mula sa LGU at pribadong sektor.
b. Hindi sapat na training para sa mga guro, na nagresulta sa limitadong kakayahan sa pagtuturo ng Butuanon.
c. Hindi pantay na distribusyon ng mga programa, kung saan mas binibigyang-priyoridad ang pook urban kaysa sa rural na komunidad.
d. Patuloy na pagbaba ng bilang ng mga tagapagsalita ng wikang Butuanon, lalo na sa hanay ng kabataan.

Samakatuwid, ang mga isinagawang aktibidad at estratehiya ay nagkaroon ng positibong epekto sa pagpapalakas ng Butuanon sa edukasyon, midya, at pampublikong paggamit. Gayunpaman, nananatiling hamon ang institusyonal na suporta at pagpapanatili ng interes ng kabataan sa wika. Upang matiyak ang tagumpay ng rebaytalisasyon, kinakailangang palawakin ang suporta mula sa gobyerno, akademya, at komunidad upang makabuo ng mas epektibo at sustenableng mga hakbang sa pagpapalaganap ng wikang Butuanon.

## IV. IMPLIKASYON NG MGA NATUKLASANG RESULTA

Ang mga natuklasang resulta ng pag-aaral na ito ay may mahalagang implikasyon sa mga kasalukuyang at hinaharap na hakbang sa rebaytalisasyon ng wikang Butuanon. Ang integrasyon ng Butuanon sa kurikulum ay isang epektibong hakbang upang mapanatili ang wika, lalo na sa pamamagitan ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE). Ayon kay McCarty et al. (2019), ang paggamit ng katutubong wika bilang midyum ng pagtuturo ay nagpapabuti sa kakayahang pang-akademiko ng mga mag-aaral at nagpapalalim ng kanilang koneksyon sa kultura. Sa konteksto ng Butuanon, ang pagsasama nito sa mga aralin sa paaralan ay nagbibigay ng estrukturadong paraan upang mapanatili ang intergenerational transmission ng wika (Hornberger & King, 2019). Gayunpaman, upang maging matagumpay ito, kailangang tiyakin ang sapat na pagsasanay ng mga guro at pagkakaroon ng sapat na materyales sa pagtuturo (Benson & Kosonen, 2021).

Ang suporta ng lokal na pamahalaan at paggamit ng midya ay may malaking epekto sa pagpapalakas ng pampublikong kamalayan tungkol sa kahalagahan ng Butuanon. Ayon kay Grenoble at Whaley (2021), ang midya, lalo na ang digital at social media platforms, ay naging isang mahalagang kasangkapan sa pagpapalaganap ng wikang katutubo sa mas malawak na

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

audience. Sa kaso ng Butuanon, ang mga programang pangmidya tulad ng "Suon Hano Na?" ay nagpapakita na ang paggamit ng wika sa radio at social media ay maaaring humikayat sa mas maraming tao, lalo na sa mga kabataan, na tangkilikin ang kanilang katutubong wika. Ang mga signage, opisyal na anunsyo sa Butuanon, at aktibong partisipasyon ng pamahalaan sa mga programang pangwika ay nagiging epektibong hakbang sa pagpapalaganap ng wika sa pampublikong espasyo (Simons & Fennig, 2023).

Samantala, ang matagumpay na rebaytalisasyon ng wika ay nangangailangan ng kolaborasyon mula sa pamahalaan, akademya, midya, at lokal na komunidad. Ayon kay Spolsky (2021), ang matagumpay na pangangalaga sa isang wika ay hindi lamang nakasalalay sa mga pormal na hakbang ng gobyerno kundi pati na rin sa aktibong partisipasyon ng mga tagapagsalita nito. Sa Butuan, ang pagsasanib-pwersa ng lokal na pamahalaan, mga institusyong pang-akademiko, at mga organisasyong pangwika ay mahalaga upang makabuo ng mas sistematikong hakbang para sa rebaytalisasyon. Ang mga pagsisikap tulad ng pagsasama ng Butuanon sa kurikulum, pagsasagawa ng cultural awareness programs, at pagtataguyod ng digital resources ay nagpapakita ng bisa ng isang multisektoral na diskarte sa pangangalaga ng wika (Hinton, Huss, & Roche, 2018).

Sa pangkalahatan, ang pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang matagumpay na rebaytalisasyon ng Butuanon ay nangangailangan ng isang komprehensibong estratehiya na sumasaklaw sa edukasyon, pampublikong adbokasiya, at pagtutulungan ng iba't ibang sektor. Sa pamamagitan ng mga resulta ng pag-aaral na ito, maaaring magsilbing gabay ang mga tagapagpatupad ng wika sa mas epektibong pagpaplano ng mga hakbang upang mapanatili at mapalaganap ang Butuanon sa kasalukuyan at hinaharap na henerasyon.

## MGA SANGGUNIAN

[1] Benson, C., & Kosonen, K. (2021). Language issues in comparative education: Inclusive teaching and learning in non-dominant languages and cultures. Sense Publishers.
[2] Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3(2), 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa
[3] Crystal, D. (2000). Language death. Cambridge University Press.
[4] Endangered Languages Project. (2022). What is an endangered language? Retrieved from https://www.endangeredlanguages.com
[5] Ethnologue. (2024). Butuanon. Retrieved from https://www.ethnologue.com
[6] Fishman, J. A. (1991). Reversing language shift: Theoretical and empirical foundations of assistance to threatened languages. Multilingual Matters.
[7] Grenoble, L. A., & Whaley, L. J. (2021). Language documentation and revitalization. Cambridge University Press.
[8] Hinton, L., Huss, L., & Roche, G. (2019). The Routledge handbook of language revitalization. Routledge. https://doi.org/10.4324/9781315561271
[9] Hornberger, N. H., & King, K. A. (2019). Language revitalization in the 21st century: Going global, staying local. Routledge.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved

[10] McCarty, T. L., Nicholas, S. E., & Wyman, L. T. (2019). Indigenous youth and multilingualism: Language identity, ideology, and practice in dynamic cultural worlds. Routledge.
[11] Simons, G. F., & Fennig, C. D. (2023). Ethnologue: Languages of the world (26th ed.). SIL International.
[12] Spolsky, B. (2021). Language management. Cambridge University Press.
[13] UNESCO. (2001). Universal Declaration on Cultural Diversity. Paris: UNESCO.
[14] UNESCO. (2022). International Decade of Indigenous Languages 2022–2032. Paris: UNESCO.

Copyright © 2025 IJAMS, All right reserved